**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**JULY 10, 2021 (11:02 A.M. – 12:01 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga Pilipinas at sa mga kababayan nating nanunood saan man kayong panig ng mundo, ngayon po ay Sabado a-diyes ng Hulyo at nagbabalik po puwersa ng PCOO upang ihatid sa inyo ang mga balita't impormasyon na dapat ninyong malaman ngayong panahon ng pandemya, ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Ngayong umaga po ay makakasama natin sa programa sina Lt. Col. Maynard Mariano ng Philippine Air Force, Undersecretary Manny Caintic mula po sa Department of Information and Communications Technology, at Undersecretary Maria Rosario Clarissa Vergeire, ang tagapagsalita po ng Department of Health.

Kung kayo po ay may mensahe o katanungan sa ating mga panauhin, mag-comment lamang po sa live streaming ng ating programa sa PTV Facebook face at sa YouTube accounts.

Good news po: Matapos dumating ang donasyong AstraZeneca vaccines ng bansang Japan noong Huwebes, panibagong batch ng bakuna mula naman sa COVAX Facility ang muling lumapag sa ating paliparan kahapon. Higit 2 milyong doses ng AstraZeneca vaccines ang naihatid sa NAIA Terminal 3 bandang alas-4:00 ng hapon kahapon, sinalubong ito ng mga opisyal ng UNICEF and USAID, WHO at ni Vaccine Czar Secretary Carlito Galvez mamayang alas-10:00 po ng gabi ay inaasahan pa ang dagdag na 132,200 doses ng Sputnik V component 1.

Samantala, patuloy na hinihikayat ni Senator Bong Go ang bawat Pilipino na magpabakuna na kontra COVID-19 upang maging protektado sa unti-unting pagbubukas ng ekonomiya. Aniya ang lahat ng action ng pamahalaan gaya nang pagluluwag ng quarantine restrictions ay masusing pinag-aaralan. Narito po ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Isang trahedya para sa buong bansa ang pagbagsak po ng C-130 plane ng Philippine Air Force sa Patikul, Sulu nitong linggo. Halos 100 military personnel ang sakay ng nasabing eroplano, marami po ang nasawi at ang ilan po ay hindi pa rin nakikilala hanggang sa ngayon dahil sa matinding sunog na inabot ng kanilang mga katawan. Ngayong araw po ay makakasama natin muli ang Philippine Air Force, ang tagapagsalita na si Lt. Col. Maynard Mariano para sa update ng insidente. Welcome po sa Public Briefing Sir!

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, good morning po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Colonel, una po gusto po namin iparating iyon pong aming taus pusong pakikidalamhati dito po sa pamilya ng mga nasawi at maging po sa Sandatahang Lakas

ng Pilipinas dahil po dito sa malagim na sinapit ng ating mga sundalo dito sa C-139 plane crashed sa Sulu. Ngayon po Col. Mariano, ilan na po ba iyong mga hindi pa rin po nai-identify at ilan na po iyong naiuwi na sa kanilang mga pamilya?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** As of the moment po ma'am, mayroon na po tayong mga about 20 po na na-identify na po. Sa katunayan po sa Philippine Air Force, isa na lang po ang kino-confirm natin na ating cadaver at kagabi po nai-hatid na po ang mga tatlong cadaver po sa Villamor Airbase.

**USEC. IGNACIO:** Opo. So, all accounted na po ba iyong lahat ng mga sumakay sa bumagsak na C-130 at na-inform na po ba iyong kanilang mga pamilya, Colonel?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Yes, ma'am, all accounted na po sila at na-inform na po iyong kanilang mga families. Sa ngayon po patuloy pa rin po—

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero Colonel, paano po iyong mga hindi pa na-identify? Papaano ninyo po naipaabot iyong impormasyon doon sa kanilang mga pamilya?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am iyong respective branches of service ay sila po ang nag-i-inform katulad po sa Air Force, mga Air Force personnel po natin, ang Philippine Army naman po ay mga Philippine Army personnel po natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Colonel, pero may nakarating po sa atin na medyo nangangamba po iyong ilang kaanak ng mga biktima na baka daw po iyong laman ng kabaong ay hindi po labi noong kanilang mga mahal sa buhay. Ano po iyong assurance na maibibigay po natin dito sa mga naulila tungkol dito?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, huwag po silang mangamba at lahat po ay ginagawa po ng Armed Forces of the Philippines at tinutukoy ating mga personnel at makakasigurado po tayo na mula po sa dental records at saka DNA test po ay gagawin po ng Armed Forces of the Philippines para po makasigurado tayo na ang kanilang mga yumao ay iyon po talaga ang ihatid po sa kanila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Colonel, na-recover na nga po itong black box ng nasabing eroplano. May initial na po bang resulta sa pagsusuri nito kung ano talaga ang dahilan ng pagbagsak ng C-130?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, sa ngayon po iyong ating black box is on the way papuntang United States at ito po ay ia-analyze po doon at maghihintay po tayo ng konting panahon bago po maibalik po sa atin. Sa ngayon po it is too early to say kung ano po talaga ang nangyari sa insidente but we are doing everything po to fast track the investigation.

**USEC. IGNACIO:** Colonel, kapag sinabi mong konting panahon, mga isang buwan, dalawang buwan po ba iyan?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am mga about siguro isang buwan ang hihintayin po natin for the black box to be analyzed.

**USEC. IGNACIO:** Opo. So nasaang bahagi na po ng imbestigasyon, Colonel, at sa puntong ito ano po kaya iyong mga initial po na posibleng naging dahilan? Tama po ba, isa sa mga posibleng dahilan iyong sinasabi po na pag-over shoots sa runway ng nasabing C-130?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, sa ngayon po, lahat po ng anggulo, lahat po ng posibilidad ay tinitingnan po ng ating mga imbestigador. At sa ngayon po, masasabi ko po sa inyo na ang ating mga recovery doon sa area ay 100% na po natapos. Ngayon po, ang gagawin po natin is isasakay po natin sa Navy vessel ang mga parte ng eroplano, at dadalhin po natin sa Mactan kung saan ibubuo po natin doon ang eroplanong ito at iri-reconstruct po natin at titingnan po natin iyong events na puwede pong nangyari po sa eroplano.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Hindi naman po kasi maikakaila na ito pong binili nating eroplanong C-130 ay refurbished sa bansang Amerika. Kapag po ba dumaan sa pag-refurbish ang isang sasakyang pandigmaan, ano po ang pinagdadaanan nito para po matiyak pa rin iyong mahusay pa rin nating magagamit, matagal-tagal pa rin pong magagamit ang eroplano, ang C-130?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, sa ngayon po, ang ginawa po natin dito is tinatawag na full refurbishment, full rehabilitation po ng aircraft. Makakaasa po kayo at ang ating taumbayan na ito ay parang ginawa po nating brand-new. Pati lahat po ay ginawa, pinalitan, in-X-ray po ang airframe nito, pinalitan po iyong mga accessories niya bago po iyong mga engine na kinabit po dito sa eroplanong ito. So samakatuwid po, para po siyang brand-new na eroplano noong dumating po sa atin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Colonel, dahil daw po dito sa magkasunod na aircraft crash na nangyari ay ipinag-utos nga po ni AFP Chief of Staff General Sobejana iyong assessment daw po sa lahat ng kagamitan ng military para po maiwasan na ang ganitong insidente muli. At base po sa review na ito ay ano po ang maaaring maging aksiyon ng Armed Forces of the Philippines?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, tama lang po na naipag-utos po iyon ni Chief of Staff. And dito po, lahat po ay ginagawa po natin, assessment po ng ating mga equipment. And in fact po, iyong Air Force po ay hindi po talaga tumitigil sa pag-a-assess ng kaniyang mga equipment, every now and then po ay may mga periodic inspection po tayong ginagawa sa ating mga equipment nang ma-prevent po ang mga sakuna na ito.

Sa katunayan po, ang ating aircraft na mga lumilipad is talagang hindi po niri-release for flight, and we make sure that it's always air-worthy before any mission.

Ngayon po, ang Philippine Air Force is also embarking again a - tawag dito - iyong safety management manual po namin is already in effect since last year po. Ito po ay in the standards po ng international civil aviation. So ito po iyong ipinapatupad natin, but then, ito po ay continually na ini-evaluate po natin, Ma'am.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero sa ngayon, Colonel, ilan na lamang po ang C-130 ng Philippine Air Force? At paano po ito makakaapekto sa military operations at sa civic duties ng AFP?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, huwag po kayong mabahala, hindi po dapat mabahala ang taumbayan na ang Air Force po ay magagampanan pa rin po ang kaniyang trabaho. Nandiyan pa rin po iyong C-295 at saka C-212i na taking the role on the c-130. And nandiyan pa po ang ating mga helicopters na katulad ng Bell 412 at saka iyong Sokol na gumagawa po ng kanilang mga trabaho po para mapunan ang ating kinakailangan po na serbisyo sa taumbayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo, kasi hindi lang po iyan ginagamit sa pagdadala ng mga tropa, ginagamit din po iyan sa rescue at relief assistance, ano po? Pero may balak po bang bilhin na bagong kagamitan ang Philippine Air Force para po i-augment itong mga magriretiro, depektibo o sabihin nating depektibong aircraft na po?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, sa ngayon po ay lahat po ng proyekto natin is nasa pipeline po, at ito po ay masusing tinitingnan at inaasikaso po ng ating Department of National Defense. Mayroon po tayong mga programa po rito to be able to replace our equipment na para po ay magawa po ng Air Force ang kanilang tungkulin po para sa bayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang alam ko po, ang Air Force ay malapit na rin ang anibersaryo, Colonel?

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Ma'am, noong July 1 po iyong anniversary ng Air Force, and we are celebrating po itong ano na ito. But we are more commemorating ang heroism po ng ating mga personnel, not just of the Air Force but buong Armed Forces of the Philippines po.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong oras, Lt. Col. Maynard Mariano, ang spokesperson po ng Philippine Air Force. Muli po iyong taus-puso po naming pakikiramay, pakikiramay ng PTV at ng PCOO sa mga naulila po sa nasabing plane crash. Salamat po.

**PAF SPOKESPERSON LT. COL. MARIANO:** Thank you po, Ma'am. Maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, pinangunahan ni Senator Bong Go ang groundbreaking ceremony para sa pabahay ng mga sundalo at pulis sa Cebu City. Bahagi ito ng programa ng administrasyong Duterte na mabigyan ng disenteng pabahay ang mga uniformed personnel. Narito po ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, naitala naman po ng PHIVOLCS ang isang magnitude 6 na lindol kaninang umaga sa Lalawigan ng Davao Occidental. Ilang minuto lang ang nakalipas ay nasundan ito ng magnitude 5.4 na pagyanig. Manatili pong nakatutok sa PTV para sa update tungkol sa nasabing lindol.

Isa nga sa nakikitang benepisyo ng pagkumpleto ng bakuna kontra COVID-19 ay ang mas maluwag na panuntunan sa paglalakbay dito sa bansa. Inanunsiyo na po ng IATF na maaari nang gamitin ang vaccination cards bilang travel requirements sa pagbiyahe. Pero lumitaw po ang isyu ng pagkakaiba-iba ng disenyo ng mga cards na maaaring pekein po anumang oras. Kaya ang DICT may isinasaayos ngayong platform para maiwasan ang pananamantala sa dokumentong ito. Para ipaliwanag iyan, makakasama po natin muli sa programa si DICT Undersecretary Manny Caintic. Good morning, Usec.

**DICT USEC. CAINTIC:** Good morning Ma'am, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., napag-usapan na nga po iyong sinasabing integridad ng vaccination card ng mga fully vaccinated persons bilang pamalit sa RT-PCR test result kapag po sila ay bibiyahe. Nagpulong nga po iyong IATF noong isang araw dahil sa kahilingan ng mga LGUs na ipagpaliban muna po iyong full implementation nito. Pero tiyak naman daw po na papunta rin tayo sa polisiyang ito kalaunan. Ang tanong po dito ng ating kasamahan din na si Jamie Santos ng GMA News: Ano na po ang ginagawa ng DICT to make sure na magkakaroon ng unified issuance and validation ng vaccine cards ang lahat po ng lokal na pamahalaan?

**DICT USEC. CAINTIC:** Maraming salamat Usec. Rocky; una sa lahat sa pag-invite sa atin dito. Iyong vaccination certificates na ating ibibigay ay manggagaling sa datos ng mga LGUs na ibibigay nila sa ating National Task Force on COVID or lalung-lalo na iyong National Vaccine Operation Center kung saan nakakalap lahat ang ating mga LGU—ng DICT ang lahat ng mga line list o iyong mga listahan ng mga nabakunahan nila into the Vaccine Information Management System.

Mula doon magkakaroon tayo ng issuance ng isang vaccine certificate kung saan hindi siya basta-bastang mapipeke kasi it will be private key encrypted, hindi siya basta-bastang magagaya sa… kung saan mang Recto o whatever. At madali lang po siyang i-verify kasi ipamimigay po natin ang public key sa mga verifiers for verification system or mga ports of entry and exit as well as kahit—magkakaroon pa nga ng mobile app para iyong tao mismo, kaya na rin niyang barilin ang kaniyang QR code. Maba-validate mo kaagad kasi hindi siya basta-bastang—hindi mo kailangan ng internet para ma-verify siya, ma'am.

Ang importante lang po natin ngayon is hinikayat natin ang mga LGU na i-submit na ang kanilang mga line list sa lalong madaling panahon. Actually binigyan sila ng deadline ng ating NVOC o National Task Force as well na dapat by the end of the month ay nai-submit na nila lahat noong mga listahan ng mga nabakunahan nila simula noong Enero po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero para malinaw lang din po ano kasi may mga kakilala din po ako na kapag fully vaccinated na, nila-laminate nila iyong card at iyon muna iyong sinusuot nila. So ang sinasabi ninyo po, ang magiging koordinasyon ng government ngayon ay sa mga LGUs. So, ano na pong mangyayari dito sa vaccination card? Importante pa rin po ito na maipresenta kapag po halimbawa magkaroon ng—huwag naman ano, ng problema na hindi napasama iyong pangalan nila pero fully vaccinated po sila?

**DICT USEC. CAINTIC:** Tama po kayo, Usec. Rocky. Ang vaccination card ang patunay—ay ang makukuha mong papel patunay na na-record ka ng LGU. Ni-record iyong pagbakuna mo noong araw na iyon, anong bakuna ang itinurok sa iyo at bilang na rin siyang paalala sa iyo lalo na kung magkakaroon ka pa ng second dose, nandoon nakasulat iyong petsa kung kailan ka dapat makatanggap ng second dose. Iyan po ay ang patunay mo na talagang dapat i-upload iyong datos mo ng LGU to the DOH system.

Klaruhin ko lang po. Iyong atin pong ginagawa whole-of-government approach, iyong sistema po ng vaccine information system ginagawa ng DICT para kay DOH. So balik lang po, iyong vaccination card patunay iyon na binakunahan ka ng LGU mo noong araw na iyon at iyong pangalawang dose mo. Iyong vaccine certificate is ang patunay bilang Republika ng Pilipinas lalo na for international travel. Kung kaya iyong IATF nag-decide the other day, noong isang araw na i-simplify muna natin lalo na na hindi pa kumpleto ang pag-upload noong lahat ng mga datos ng mga LGUs.

So pretty soon, malapit na, kung mai-submit na ng mga LGUs ang kanilang mga listahan come July 31 ay puwede na tayong mag-issue ng vaccine certificate at para puwede iyang gamitin for international travel. Ito pong vaccine certificate ay alinsunod sa World Health Organization digital certificate standards na niri-recognize ng karamihang mga bansa sa mundo lalung-lalo sa European Union at saka sa UK.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., para lang po sa kaliwanagan ng marami ano po. So ang tanong po kasi nila, ano po iyong magiging security features nito?

**DICT USEC. CAINTIC:** [Off mic] meaning to say hindi siya basta-bastang napipeke ng kahit sino. Kasi kung halimbawa makuha mo iyong isang QR ng ibang tao, gagamitin mo. ‘Pag binaril mo, halimbawa ang pangalan noon is Coco Martin, ang makikita QR code iyon ni Coco Martin, hindi iyon sa iyo. So puwede mo siyang gayahin, puwede mo siyang i-xerox pero hindi sa iyo ‘yun. Ang importante po dito is hindi siya basta-bastang napu-produce. Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., totoo ho iyang sinasabi ninyo kasi nakakaranas din naman ako na tinatapat ko iyong QR code, talagang ang lilitaw doon ay pangalan ko ano po. Pero kung iyong QR codes naman daw po ang pag-authenticate sa card or certificate, baka naman—ito iyong tanong din po ng marami – mahirapan daw po iyong verifier sa iba’t ibang sulok ng bansa dahil naka-rely sila sa signal o mobile data. So, ano po iyong magiging fallback ninyo dito?

**DICT USEC. CAINTIC:** Gaya po ng sinabi ko, Usec. Rocky, iyong sistema po nating ginagawa is iyong internationally known standard – public key, private key encrypted. Meaning to say iyong babaril, kailangan lang niya iyong public key na ipamimigay natin sa mga verifiers. Hindi nila kailangan maging online. Iyong public key ang magagamit para ma-decrypt, para mabasa iyong QR code. Hindi nila kailangang maging online. ‘Pag nandoon sa—nasa kanila iyong public key, ako halimbawa isang port of entry person doon sa Boracay or kung saan man, babarilin niya iyong QR, mababasa niya iyon. Hindi niya kailangan online. Hindi siya tumitingin kasi sigurado naman siya na iyong QR code na iyon ay talagang galing na iyon sa ating vaccine certificate system po. Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** So, Usec., kailan daw po ito nakikitang maisasakatuparan?

**DICT USEC. CAINTIC:** Ang atin pong hinihintay is magkaroon nang sapat na datos galing sa mga LGU. So ang binigay natin na deadline is July 31. Pasalamat kami sa ating DILG at tinutulungan nila tayong mangulit sa mga LGU na ma-upload iyong datos. So by August, early August, puwede na nating ilunsad ang vaccine certificate para sa ganoon 'pag mag-request naman ang isang tao ng vaccine certificate eh nandoon ang record niya most likely. Kung wala man, mayroon po tayong gagawing grievance mechanism kung saan ang tao ay puwede siyang pumunta sa kaniyang LGU kung saan siya nabakunahan, iprisenta ang kaniyang dating vaccination card at sabihin sa LGU na, "Paki-upload naman po iyong datos ko kasi dito naman po ako ninyo binakunahan."

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayroon po tayong tanong from Faith del Mundo ng TV-5. Ang question po niya: Paano daw po iyong mga nabakunahan na nai-provide ng private company? Mapapasama pa rin po ba sila sa list?

**DICT USEC. CAINTIC:** Thank you so much, Usec. Rocky. Alinsunod sa ating NVOC advisories, ang mga binakunahan ng private sector ay kailangang isumite ang kanilang mga listahan ng mga binakunahan doon sa LGU kung saan nila binakunahan.

So for example, may isa kang call center sa BGC – iyong BGC na call center at the end of the day kung nagpapabakuna sila ng kanilang mga tao or nagbakuna sila ng kanilang mga empleyado, isusumite po nila iyon sa Taguig City LGU nang sa ganoon isa-submit po iyon ng Taguig City LGU sa DICT para mabilang doon sa line list requirement po.

**USEC. IGNACIO:** Mayroon lang pong clarification si Leila Salaverria ng Inquirer although may binabanggit rin po kayo, baka may maidagdag pa po kayo. Clarify lang daw po: Ibig sabihin ba the earliest August pa ang start ng issuance ng vaccination certificates since July ang deadline ng LGU data?

**DICT USEC. CAINTIC:** Tama po kayo. Pinagmunihan po nang husto ng ating IATF na mas maganda na mas kumpleto na, mas marami-rami na ang mga LGU na naka-submit ng kanilang mga backlog of line list para sa ganoon 'pag nag-request nga ang tao noong kaniyang vaccine certificate, hindi naman siya mabigo at parang wala doon ang kaniyang datos.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., bakit daw po hindi pa ito nabuo noong una pa lang bago magsimula iyong vaccine rollout at ano daw po ang nagiging problema ninyo kung bakit hindi pa ito nagsisimula?

**DICT USEC. CAINTIC:** Kagaya po ng sinabi ko, Usec. Rocky, naumpisahan na po natin i-develop, in fact, iyong ating sistema ay will be internationally recognized. Ang ating katuwang dito is iyong World Health Organization; iyong IATA, gamit ng 60 plus na mga airlines sa buong mundo. Makakasigurado po kayo na iyong vaccine certificate is napaka-convenient. Kung halimbawa, pumunta ka sa Qatar, pagdating sa Qatar kung maghihigpit sila doon bigla dahil mayroon silang surge, mababaril po nila iyong ating vaccine certificate without any problems,

madali po nilang basahin; or sa any part ng European Union, UK at kung alin pang mga bansa na medyo istrikto sa pagbabasa ng kanilang vaccine certificate.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., 70 million Filipinos po ang target na mabakunahan. May ganiyang kalaking database po ba tayo na paglalagyan? At nakakatiyak po ba tayo na hindi po mada-down iyong ating mga servers?

**DICT USEC. CAINTIC:** Una, iyong database system na nilaan ng DICT para sa national vaccination effort ay malaki, at it is automatically scalable dahil in-ensure natin na kaya niyang lumaki nang lumaki. Pangalawa, sabi ko nga rin kanina, iyong gagawin nating vaccine certificate, huwag kayong mag-alala kasi puwede po siyang barilin offline. Meaning to say, hindi kayo mag-alala kung halimbawa pumunta ka sa probinsiya, sabi ko nga, bumiyahe ka ng Boracay tapos biglang nawala iyong internet sa Boracay, puwede pa rin nilang mabasa iyong QR na vaccine certificate.

**USEC. IGNACIO:** Opo. So ibig sabihin po, lahat po ng LGUs sa buong bansa ay may access sa system na ito. At ngayon po ba ay cascaded na ito sa kanila?

**DICT USEC. CAINTIC:** Yes po, ma'am. Thank you for mentioning. Lahat po ng LGUs ay may access on it. Ang atin pong hinihikayat ay habulin nila iyong pagsumite ng mga listahan. Malaking pasalamat ko sa mga LGUs lalung-lalo na sa NCR kasi mula ngayong Hulyo, araw-araw po nilang naisa-submit na ang mga line list ng mga nabakunahan moving forward. Ang challenge na lang is iyong backlog po. Pero marami rin po sa kanila na ang bilis na pong nag-upload ng mga dati nilang mga nabakunahan. Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. So kami po ay nagpapasalamat sa inyong update, Undersecretary Manny Caintic ng Department of Information and Communications Technology. Mabuhay po kayo, Usec.

**DICT USEC. CAINTIC:** Salamat din. Mabuhay kayo, Usec. Rocky!

**USEC. IGNACIO:** Samantala, narito naman po ang pinakahuling datos ng COVID-19 cases sa buong bansa. Base po sa report ng Department of Health kahapon, July 9, 2021, umabot na sa 1,461,455 ang total number of confirmed cases matapos itong madagdagan ng 5,881 na mga bagong kaso. Pitumpung katao naman po ang mga bagong nasawi kaya umabot na sa 25,720 ang total COVID-19 deaths. Ang mga kababayan nating gumaling na sa sakit ay umakyat na sa 1,383,833 matapos itong madagdagan ng 3,003 new recoveries kahapon. Samantala, ang ating total active cases naman po ay nasa 51,902.

Samantala, pinayagan na ng IATF ang paglabas sa bahay ng mga batang edad limang taong gulang pataas sa GCQ at MGCQ areas. Hindi pa po kasama rito ang GCQ with heightened restrictions. Ngunit ang kanilang movement po ay limitado lamang sa mga outdoor spaces kagaya po ng mga parke, playground, beach, biking and hiking trail, outdoor tourists site, outdoor non-contact sports court, at outdoor dining outlets. Hindi pa rin po sila puwedeng pumasok sa mga malls. Nasa poder naman ng lokal na pamahalaan kung palalawigin pa nila ang edad na puwedeng makalabas ng tahanan.

Para naman po sa mga inter-zonal travel, pinapayagan pa rin ng IATF ang mga LGUs na manghingi ng negative RT-PCR test result bilang travel requirement. Pero maaari rin nilang ikonsidera ang vaccination cards ng mga fully vaccinated individuals.

Magkakaroon na rin ng special commercial flights para i-repatriate ang mga stranded nating mga kababayan sa bansang Oman, Dubai, Abu Dhabi at iba pang bansa na may travel restrictions sa ngayon dahil sa Delta variant. Gagawin ito na may kaakibat na matinding health protocols.

At para naman po sagutin ang ilang isyu tungkol sa COVID-19 response ng pamahalaan at mag-update sa mga programa ng Department of Health, makakausap po natin si Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire. Magandang araw po, Usec.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Magandang araw po, Usec. Rocky. Magandang araw po sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kahapon nga po ay inanunsiyo na ng IATF na pinapayagan na ang mga batang edad limang taong gulang pataas na makalabas sa outdoor spaces. Ibig sabihin po ba nito ay talagang mababa na po iyong risk ng transmission sa ngayon kaya po ina-allow na natin ang mas maraming tao na lumabas?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Kailangan po nating maintindihan, ng ating mga kababayan na ito po ay nairekomenda at pinayagan ng IATF not because of mababa ang transmission sa ating bansa. Ngunit kasi, mayroon namang mga pag-aaral na talagang apektado na ho ang ating mga kabataan dahil po dito sa pandemya at sa lockdowns. It is already affecting their physical and mental health, and this is based on evidence already.

Kaya po itong ating binigay na rekomendasyon ay isang bagay na gradually gagawin natin so that we can be able to address itong mga issues na nangyayari ngayon sa ating mga kabataan.

Ang ating national picture ngayon kapag tiningnan natin based on parameters, bagama't nakalagay diyan ay low-risk siya, pero kailangan pong maintindihan ng ating mga kababayan na marami pong mga regions sa ating bansa ngayon, iba't ibang areas na mayroon pa rin hong mga angking pagtaas sa kanilang lugar. So hindi ho tayo puwedeng maging complacent. We allowed children to go out only in those areas na GCQ with some restrictions at saka MGCQ areas, and only in outdoor spaces.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May kaugnayan diyan iyong tanong ni Crissy Dimatulac ng CNN Philippines: Bakit po ngayon lang pinayagan ng IATF ito given na marami na pong bata ang lumalabas prior to this decision?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well, local governments would always have their protocols. Basta as long as they can be able to safeguard at maipakita nila iyong assurance na safe ang ating mga kabataan kapag ito ay pinalabas nila.

Pero sa ngayon po, ginagawa na nating formal at official na pinapayagan na po ng ating gobyerno ang ating mga kabataan, limang taon pataas, in these outdoor spaces.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Clarification naman po ni Jamie Santos ng GMA News: Papayagan din po ba ang mga bata na lumabas ng bahay at makipaglaro sa kapwa bata?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Ito pa rin po ang dapat nating alalahanin, bagama't pinapayagan na po natin ang ating mga kabataan na lumabas, kailangan maintindihan po ng ating mga kababayan na kailangan ang mga bata kapag lumabas ay supervised ng kanilang mga magulang at saka nakasuot po sila ng mask, at kailangan pa ring ipatupad ang safety protocols. So ibig sabihin, kailangang may physical distancing pa rin; kailangan hindi pa rin pupunta doon sa matataong lugar, kailangan sa outdoor spaces.

So, kung halimbawa they will interact with other children, we must ensure that the caregiver or the parents are there to supervise and that they will be wearing their mask at saka hindi po sila talaga magba-violate ng safety protocols natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman mula kay Madz Recio ng GMA News: Five years old are allowed to go out, ligtas po ba ang mga bata kung papayagan na sila sa mga resort or swimming activities? Paano po masisiguro na hindi magkakahawaan lalo po kung nasa public area at sama-sama po ang mga bata sa swimming pool?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Iyon nga po, Usec. Rocky, ang gusto nating ipaliwanag. Dito po sa protocol na ipinalabas natin, hindi pa rin po nababago ang Omnibus guidelines ng ating IATF, na ibig sabihin po na ito pong mga public places na crowded ay hindi pa rin puwedeng dalhin ng ating mga magulang ang ating mga kabataan diyan.

Pangalawa, hindi pa rin po pupuwede na outside of your family bubble ang makaka-interact ninyo. So parent has to recognize that fact na nandiyan pa rin po iyong risk para sa ating mga kabataan kaya may safeguards tayo dapat. And the safeguards would be, we still follow the protocols that we have, existing and also ipag-mask ang mga bata at i-supervise sila, samahan ninyo po sila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman ni Michael Delizo ng ABS-CBN News: Kumusta po daw ang COVID cases natin sa nakalipas na linggo? saan nag-improve at saan po lumala?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky 'no. So sa ngayon po mayroon po tayong mga flagged areas pa rin sa iba't ibang lugar ng ating bansa at makikita ho natin nga na ang Region XI remains to be at high risk. Kasama rin po iyong mataas na intensive care utilization rate sa Region XI, Region VI, sa CARAGA, sa Region XII at saka sa Region V. Makikita rin ho natin na mayroon din pong pagtaas din nang paggamit sa mga kama sa Region XII at saka sa Region V.

So pinapaalalahanan po natin lahat ang ating mga kababayan, bagama't nationally 'pag tiningnan natin with the parameters that we use low risk ang nakalagay; pero ang iba't ibang rehiyon po ay nagpapakita nang pagtaas at saka pagtaas ng gamit ng kanilang mga ospital.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyan po iyong kasing second question ni Michael Delizo. Ang last question po niya ay: Kung ano daw po ang updates sa bilang ng mga nabakunahan? ilang porsiyento na ang populasyon sa NCR at sa buong bansa?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky 'no. So sa huling datos natin, we were able to vaccinate already 12.9 million Filipinos. Ito po ang second dose po nasa 4.8% na po tayo noong ating populasyon na tinitingnan ano. Tapos dito po naman sa NCR, we have average about 115,000 jabs and para naman po dito sa ating kabuuan ng ating bansa ay may 200 plus thousand jabs tayo.

'Pag tiningnan ho natin medyo bumagal ang pagbabakuna especially in NCR dahil nga po na-delay nang konti ang ating mga doses. Pero makikita naman ho natin sa mga susunod na linggo makakahabol po tayo ulit.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Michael Delizo: Kumusta na daw po ang testing rate natin? Ayon daw po kasi sa artikulo sa Reuters, sinabi ng mga health expert na posibleng nakatago ang full extent ng outbreak sa Pilipinas dahil sa mababang testing rate.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well, sa ngayon naman po, hindi naman po ganoon masyadong naapektuhan although bumaba po ang ating testing rate, ang atin pong capacity, iyong pagti-test ng ating mga laboratoryo. Tayo pa rin po ay nag-a-average ng 40,000 plus tests per day although makikita ho natin especially here in NCR, medyo may pagbaba dahil alam naman po nating bumabagal ang taas ng kaso dito po sa National Capital Region.

But I think in the areas especially now that there are surges, tumataas naman po ang ating mga pagti-test ng RT-PCR and naku-couple po iyan ng mga antigen test na ginagamit na rin sa mga lugar na ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pasensiya na po, may last question po si Michael Delizo: Kung ano na daw po ang update sa bilang ng mga nabakunahan? Ilang porsiyento na iyong populasyon sa NCR at sa buong bansa?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky, 4.8% kapag pinag-usapan po—4.75% ang fully vaccinated sa buong bansa. Sa NCR naman po ang total po last night, 6 P.M., they were able to jab 115,000 doses. So ito po iyong aking datos na mayroon sa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa iba't ibang bahagi po ng Southeast Asia, talaga naman daw pong ramdam ngayon iyong paglobo ng bilang ng mga kaso ng COVID-19. Ang Indonesia, Malaysia at Thailand po ay pataas ang bilang pero sa Pilipinas po ay ang-plateau ang kaso. So, ano po daw iyong explanation dito, Usec., at kailan natin nakikitang pababa ang trend sa atin?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Unang-una, Usec. Rocky, natututo tayo actually 'no sa mga experiences across the globe and of course we do our precautions. Kasi nakikita natin lalo na kung karatig bansa, kung malapit sa ating bansa ang mga pinangyayarihan nito. Ang atin pong ginagawa sa ngayon, we are really trying to intensify our PDITR efforts pati na po iyong ating border control. Pero kailangan ang ating mga kababayan bagama't nakikita nating nagsi-surge sa

ibang bansa at tayo ay hindi, lagi po tayong handa dapat, lagi tayong cautious, lagi tayong aware kasi very fragile po iyong ating sitwasyon. Kailangan po tulungan natin ang gobyerno para po ma-strictly implement natin lahat ng pinapatupad natin para hindi rin po natin ma-experience ang ganiyan dito sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito daw pong Lambda variant naman ay kahit hindi pa natin siya variant of concern ng WHO, ano na daw po iyong ginagawang aksiyon ng DOH para matiyak na hindi ito makapasok sa ating borders? Inirirekomenda ninyo po ba daw iyong travel restriction din doon sa mga bansang may presensya ng Lambda variant?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Actually ang Lambda variant, Usec. Rocky, is still a variant of interest 'no so hindi pa ho siya iyong variant of concern. At ang characteristic niyan na naipapakita sa mga ebidensiya, mabilis siya or highly transmissible din siya katulad ng UK, South African and Indian variant. Pero ngayon po ang mga pinapatupad natin katulad ng aking nabanggit especially iyong ating mga four-door strategy: Una travels restrictions; pangalawa iyong border control; and then pangatlo sa komunidad, iyong PDITR response natin; at minimum public health standards.

But we cannot really recommend ito pong pagsara ng ating mga pinto sa iba't ibang bansa especially now na halos lahat ng bansa around the globe 'no mayroon na pong Delta variant. Itong Lambda variant mahigit mga 30 countries na ang mayroon. Ang kailangan lang po pag-igtingin natin talaga iyong control natin sa borders para hindi sila makapasok sa ating community and it's not going to cause harm within our population.

**USEC. IGNACIO:** Usec., lumabas din po kahapon na iyong BARMM o Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao ay may pinakamaliit na bilang na natatanggap na bakuna. Ano po exactly ang mga hamon na nararanasan ninyo kung bakit kakaunti daw po nadi-deploy sa kanilang COVID-19 vaccine? Tama po ba iyon, Usec.?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Tama po iyon, Usec. Rocky 'no. We're having challenges with BARMM. Unang-una alam naman po natin na may challenges sila sa kanilang logistics 'no, iyong kanila pong pag-i-store ng bakuna. Pangalawa, may challenge din po tayo doon sa mga flight schedules na mayroon po para sa BARMM and of course pangatlo, iyong peace and order situation. So we need to be very cautious at amin po talagang iniestima kung paano natin maibibigay ang mas malaking dose na hindi masasayang ang ating mga bakuna.

Kaya medyo mabagal po ang pag-deploy natin ng bakuna diyan because we'd like to ensure na maayos po ang ating logistics na kailangan or requirements for our vaccines. Pangalawa, iyon pong madadala talaga doon sa mismong mga tao ang bakuna without any challenge that—na mahaharap ang ating mga bakunador.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., ano naman daw po ang masasabi ng Department of Health sa paglalagay ng stickers ng mga LGUs sa mga bahay na fully vaccinated na? Hindi po ba umano ito magiging sanhi ng discrimination?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Actually, ma'am, I think the local governments are employing different strategies para sa kani-kanilang mga local government on kung paano nila masasabi na ang pamilyang ito ay bakunado na o hindi. Ibig sabihin, ito pong mga local governments that are doing these are on to their last mile in vaccinating their population. So kailangan nila po talagang malaman who among their population ang bakunado na ang pamilya at hindi pa para masuyod nila. And this is one of the strategies na ginagawa ng ibang LGUs natin and we don't think that there is discrimination here. Ito lang po ay isang palatandaan para sa ating local governments para mas masuyod o mabigyan nila ng bakuna ang hindi pa nababakunahang pamilya sa kanilang lugar.

**USEC. IGNACIO:** Sa ibang bansa naman po, Usec. Inanunsiyo na ng Indonesia na magbibigay sila ng Moderna booster shot para po sa mga healthcare workers nila na unang nakatanggap ng Sinovac vaccine. Ito po ay matapos mai-report na marami sa kanilang medical frontliners ang tinamaan muli ng sakit at ilan nga po ay namatay kinalaunan. Pinag-aaralan din po ba ito ng DOH na gawin ito sa atin, Usec.?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Ang booster shots po ay wala pang masyadong sufficient evidence na lumalabas especially dito po sa mga platforms sa bakuna na mayroon tayo sa ating bansa katulad ng Sinovac, ng Sputnik V. Kailangan po natin maging maingat, doble ingat sa pag-adopt ng ganitong practices kasi kailangan ho nating masiguro na magiging safe ito para sa ating populasyon. So sa ngayon po ang ating mga eksperto ay hindi pa inirirekomenda itong booster shots na ito dahil wala naman pong nakakapaglabas pa nang full evidence to state na hanggang ganito lang katagal tatagal ang immunity na binibigay ng ating bakuna o 'di kaya if it's going to really boost the efficacy of these vaccines kapag naglagay ka ng booster.

Pangalawa at pinakaimportante, 'pag naglagay ho tayo ng booster shots, this means that we are going to set aside ito pong mga taong hindi pa nababakunahan mula pa noong nag-umpisa tayong mabakunahan. Now that our vaccines are still unstable pagdating sa supply, bigyan po natin ng tiyansa makapagpabakuna tayo sa lahat ng kailangang bakunahan sa ating bansa and 'pag lumabas na po iyong sufficient evidence for these booster doses, atin po iyang pag-aaralan at magbibigay tayo ng rekomendasyon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. USec., tanong naman po ni Red Mendoza ng Manila Times: Ano po ang current case trend sa NCR at Davao City? Sabi po ng OCTA, patuloy ang pagbaba ng kaso sa Metro Manila, samantalang nagkaroon ng negative growth rate naman sa Davao City?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky, dito po sa Davao City, currently for the past one to two weeks, we have a positive 24% growth rate. Ang kanilang average daily attack rate is 10.07 and based on that they have a high risk classification. Because their ICU utilization is at 84%. When it comes to the National Capital Region naman po, we have a negative 18% growth rate for the past two weeks. Ito po ang kanilang ADAR is 4.66 and there are classified at that low risk at ang kanilang ICU utilization is 42%. So, iyan po iyong ating current na mga datos sa ngayon as of July 9.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin ni Red Mendoza: Naglabas ng direktiba ang World Health Organization na posibleng link sa myocarditis ang mga bakunang Pfizer at Moderna sa

mga kabataang lalaki. Ito po ba ay maaring gamitin na batayan ng Department of Health para hindi muna gawin ang pagbabakuna sa mga bata?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Actually Usec. Rocky, nagpalabas na po sa United States na ginagamit ng malakihan ang Pfizer at Moderna at talagang vaccine inilagay nila iyan sa kanilang labeling na mayroon po ganiyan dapat bantayan. Pero, base din po sa pag-aaral nila at saka sa mga evidence na kailangan ngayon, napakaliit pa rin po ng porsiyento po na nagkakaroon ng ganitong adverse reaction o mga reaksiyon dito sa bakuna katulad ng myocarditis na sinasabi and the benefit still outweighs the risk.

So, ito po ang ating rekomendasyon, galing sa ating eksperto and even our Food and Drug Administration, we wait for the advice of the manufacturer but at the same time we try to weigh the benefits versus the risk and sa ngayon ang benepisyo po ay mas mataas kaysa sa risk na sinasabi diyan sa myocarditis. Kaya itutuloy po natin ang bakunahan sa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo, may pahabol lang pong tanong si Crissy Dimatulac ng CNN Philippines regarding po sa Sputnik V na dumating kagabi. Saan po daw ito ide-deploy at kailan po?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Pinag-uusapan ngayon iyong mga allocation at ito'y nakarating kagabi, siyempre ang priority natin dahil dalawang klase naman iyan, iyong second doses na nabakunahan na noong past month nitong Sputnik V ay kailangan ma-prioritize natin. At pangalawa, iyong allocation as to where we will be deploying the vaccine, antayin po natin na makapagpalabas ng vaccine cluster ng datos ukol dito.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Kami po ay nagpapasalamat sa inilaan ninyong oras sa aming programa Undersecretary Maria Rosario Vergeire, ang Spokesperson ng Department of Health. Stay safe po ma'am.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Maraming salamat po Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Sen. Bong Go, hindi pabor sa mungkahi na tanggalin na ang licensure examination sa professional standards, dapat aniyang mapanatili. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Dumako naman po tayo sa PBS Radyo Pilipinas para sa pinakahuling balita mula po sa mga lalawigan at makakasama natin muli si Aaron Bayato. Aaron…

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** At dito na po nagtatapos ang ating programa. Ang Public Briefing po ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP. Sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si Usec. Rocky Ignacio, ng PCOO. Magkita-kita po muli tayo sa Lunes dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center